

Risk Management and Behavioural Guidelines for Online Sessions (Mga Patnubay sa Pamamahala ng Risk at ng Kilos para sa mga Online Session)

Mga Patnubay para sa mga Grupo – Mga Inaasahang Pagkilos

Noong unang araw ng programa sa paaralan, maaring natatandaan mo na gumawa kayo ng group agreement o kasunduan para sa grupo. Ang layunin ng kasunduan na ito ay ang tulongan ang lahat na ligtas na lumahok at na samantalain nang husto ang bawat session.

Dahil nagme-meeting na tayo ngayon online, hinanda namin ang mga sumusunod na kasunduan.

Ibinabahagi namin sila bago tayo magsimula upang malaman ninyo ang mga inaasahang pagkilos kapag tayo ay nagkikita-kita.

- Ang mga pinag-uusapan sa session ay mananatili sa session lamang, maliban kung nanganganib o at risk ang kaligtasan ng isang tao. Kung sa palagay ng tauhan ng YWCA na may sino mang nangangailangan ng tulong, magfa-follow up kami at gagawin namin ang mga angkop na hakbang.
- Huwag irekord o i-screenshot ang session
- Makinig sa iba
- Bawasan ang mga bagay na nakakapanggulo at makinig nang mabuti
- OK lang na humingi ng tulong o na magkamali.
- Kunin ang iyong lugar, pero maglaan din ng lugar para sa iba. Nais naming magkaroon ang bawat tao ng pagkakataong makibahagi, kung gusto nila. Mangyaring siguraduhin na ang lahat ay makakalahok; ibahagi ang iyong mga iniisip, pero maglaan din ng panahon para sa iba.
- Mga bagay na dapat gawin: ang aming priyoridad ay ang siguraduhin na ang mga session ay ligtas at inclusive para sa lahat. Ang ibig sabihin nito’y kung ang isang kalahok ay kumilos na parang bully, o kung siya’y gumagamit ng mga wikang nambabastos sa iba (hal., sexist, racist, homophobic, transphobic), maaring kailangan naming tanggalin ang kalahok na iyon mula sa session

Proteksyon sa Pagka-pribado ng mga Kalahok at mga Pamilya

Nauunawaan namin na ang mga online meeting ay maaring maglantad ng pribadong impormasyon mula sa ating mga computer, at maaring makuha ito ng mga hacker; maaring ring magbahagi tayo ng pribadong impormasyon nang hindi sinasadya, dahil sa webcam o chat. Mangyaring sundin ang mga hakbang sa ibaba upang mabawasan ang mga risk na ito kapag tayo’y nag-uusap.

- Gamitin lamang ang pangalan at inisyal ng apelyido para sa Grade 7 na estudyanteng sumasali sa session
- Huwag i-share ang link o password ng Zoom sessions sa kahit sino man
- Tingnan ang mga bagay na nasa iyong background kapag ginagamit mo ang iyong webcam. Mangyaring iwasan ang maglagay ng anumang bagay sa background kung saan makikita ang iyong apelyido o lokasyon
- Gagamit tayo ng ilang settings upang protektahan ang iyong pagka-pribado, at upang mapamahalaan ang mga session. Ang ibig sabihin nito’y ang chat feature ay magagamit lamang upang i-message ang grupo at facilitator nang sama-sama, at hindi upang i-message ang isang indibidwal na kalahok; kailangan mong itaas ang iyong kamay upang gamitin ang microphone.


Upang tingnan ang security updates mula mismo sa Zoom, mangyaring **MAG-CLICK DITO**.

Upang malaman kung paano i-download, i-install, at gamitin ang Zoom, basahin ang susunod na seksyon ng dokumentong ito.


Mangyaring magpadala ng e-mail sa susunod kung mayroon kang anumang mga katanungan o alalahanin: Jonanne sa jgage@ywcavan.org

Ang Pag-download at Install ng Zoom


1. I-download ang zoom app mula sa <https://zoom.us/download>
2. I-click ang **Download** button sa ilalim ng Zoom Client for Meetings heading




3. Hanapin ang naka-install na software sa ibaba ng iyong browser window



4. Mag-click sa **^ arrow** sa tabi ng naka-instalang software



5. Mag-click sa **Open**. Sisimulan nito ang proseso ng instalasyon
6. Kung nakatanggap ka ng message na humihiling na i-confirm mo ang pag-install, mag-click sa **Yes**. Bubuksan nito ang isang Zoom window
7. Mag-click sa **Join a Meeting**
8. Ipasok ang **meeting ID** na ipinadala sa iyo sa email
9. Ipasok ang iyong pangalan sa **Iyong Name** box.
 - Para sa personal security habang isinasagawa ang online session, gamitin ang iyong pangalan at panghuling inisyal lamang (hal., Sam T.)
10. Mag-click sa **Join** button




YouTube instructions: <https://www.youtube.com/watch?v=yPVlybnDtms>

Ang Paggamit ng Zoom

Ang Zoom ay may iba't-ibang features upang suportahan ang iyong paglahok at kaligtasan sa online sessions.


Muted Microphone

- Ang lahat ng microphones ng mga kalahok ay imu-mute ng facilitators, at ito'y malalaman mo dahil may pulang linya sa microphone icon sa Zoom taskbar sa ibaba ng iyong screen. Ang facilitators lamang ang maaring mag-unmute sa microphones.




Pagtaas ng Iyong Kamay

- Habang isinasagawa ang live sessions, kailangan mong gamitin ang “raise your hand feature” (pagtaas ng iyong kamay) kung gusto mong magsalita. Pagkatapos ay i-a-unmute ng facilitators ang iyong microphone para makapagsalita ka at para marinig ka ng lahat.




- Upang itaas ang iyong kamay, mag-click sa Participants button. May bubukas na window sa kanang bahagi ng iyong screen na magpapakita ng listahan ng lahat ng mga kalahok sa session.



- Sa ibaba ng window na ito ay may makikita kang mga opsyon, kabilang ang pagtaas ng iyong kamay. Mag-click dito kung gusto mong kumuha ng permisong magsalita gamit ang iyong microphone.

Chat


- Ang chat feature ay naka-set upang makapag-message ka sa grupo at facilitators lamang. Hindi ka maaring magpadala ng mga pribadong message o makatanggap ng mga ito mula sa ibang mga kalahok.



- Upang gamitin ang chat, mag-click sa Chat button sa Zoom taskbar sa ibaba ng iyong screen. May bubukas na chat window kung saan maari mong i-type ang iyong message. Pindutin ang “Enter” kapag natapos ka na upang i-post ang message.

Mga Reaksyon


- Ang mga reaksiyon ay isang paraan upang tumugon nang hindi gumagamit ng mga salita.



- Mag-click sa Reactions button at piliin ang iyong reaksiyon. Ito’y lalabas at mananatili nang ilang sandali sa kaliwang itaas ng iyong screen.

Pag-On/Off sa Iyong Webcam


- Ang iyong webcam ay kontrolado ng video icon sa Zoom taskbar. Kapag ang iyong webcam ay activated, ang nakasulat sa ilalim ng icon ay “stop video”. Makikita mo rin ang iyong sarili sa screen kung saan nakalagay ang iyong video square.



- Upang i-off ang iyong webcam, mag-click sa video icon. Magkakaroon ng pulang linya ang icon at mamamatay ang iyong webcam. Ang makikita mo na lamang sa iyong video square ay ang iyong pangalan sa halip na ang iyong mukha.
- Upang i-on muli ang iyong webcam, mag-click muli sa video icon.

Paglagay ng Background

- Sa Zoom, maari kang magdagdag ng background upang ibahin ang nasa iyong webcam sa halip ng kung ano ang lumalabas sa likod mo sa screen kapag ginagamit mo ang iyong webcam. Ito’y tinatawag na “virtual background”.



- Upang palitan ang iyong background, mag-click sa up-arrow sa tabi ng video icon sa Zoom taskbar. Kapag lumabas ang menu, mag-click sa Choose Virtual Background. May lalabas na pop-up window na magpapakita ng iyong mga mapagpipiliang virtual background. Piliin ang background na gusto mo at pagkatapos ay isara ang pop-up window.
- Ang virtual backgrounds ay gumagana nang maigi kapag mayroon kang plain wall o backdrop sa likod mo at ang kulay ng iyong suot ay naiiba sa kulay ng virtual background na gusto mong gamitin.
- Kung hindi gumagana ang virtual background feature, maaring ibig sabihin na hindi pa ito naka-set-up. Sundin ang mga instruksyon na ito sa pag-set-up: <https://support.zoom.us/hc/en-us/articles/210707503-Virtual-Background>.